THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Barangay Caravan ng Calapan, umarangkada na!

VOLUME I No. 47 Oct 03, 2022 - Oct. 09, 2022

# Livelihood assistance ibinigay sa mga mangingisda sa Calapan





KARAGDAGANG AYUDA ANG IPINAGKALOOB sa Samahan ng Kalapenyong Mangingisda (SAKAG) sa ilalim ng Technology Demonstration Project Inputs ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources MIMAROPA.

Naisakatuparan ang nasabing proyekto sa inisyatiba ng City Government of Calapan sa pamumuno ni City Mayor Malou Flores-Morillo at sa pangangasiwa ng Fisheries Management Office.

Umabot sa P158,000 ang kabuuang halaga ng proyekto na kinapapalooban ng limang libong bangus fingerlings at 114 sacks ng feeds para sa aalagaang bangus ng mga mangingisda.

Dumayo sina Mayor Malou Morillo Flores sa mismong project site ng SAKAG sa Barangay Masipit noong Sept. 29, 2022. Pinangunahan ni Mayor Morillo-Flores ang turn-over ceremony ng mga nasabing Livelihood Assistance na personal namang tinanggap ng pamunuan ng SAKAG sa pamamagitan ng isa sa mga caretakers ng fish cages na si Ginoong Gil Claveria at ni Ginoong Larry Rolloque, ang SAKAG Baruyan Chapter President.

Katuwang din sa naturang gawain ang BFAR MIMARO- Regional Fisheries Training and Fisherfolk Coordination Division na pinamumunuan ni Mr. Alvin Decena.

Maliban sa ipinamahaging semilya ng mga bangus ay libong bilang din ng fingerlings ang inihulog sa Caluangan Lake na aambag sa pagpapadami ng isda sa lawa.

Ang proyektong ito ay katugunan ng Pamahalaang Lungsod sa food security and sustainability program na isinusulong ni City Mayor Malou Flores-Morillo.

Kasama din sa gawain sina City Administrator Atty. Reymund Al Ussam, Serbisyong TAMA Program Administrator Mr. Robin Clement Villas, Green City of Calapan Program Administrator Orlando Maliwanag at mga kawani ng FMO (City Information Office).



THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM

# World Bamboo Day tree planting activity inilunsad




BILANG BAHAGI NG PAGDIRIWANG NG WORLD BAMBOO DAY nagsagawa ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Environment and Natural Resouces Office (PG-ENRO) ng tree planting activity sa So. Aruta, Brgy. Bangkatan sa bayan ng Baco noong Setyembre 18.

Isang daan at limampung piraso (150) ng tatlong specie ng kawayan (Tinikan, Bayog at Buho) at isandaang (100) piraso ng iba't-ibang uri ng forest tree seedlings ang itinanim sa isang ektaryang lupa sa naturang lugar kung saan malapit sa kinatatayuan ng Sanitary Landfill (SLF) ng naturang munisipalidad.


Ayon sa ulat, natukoy ng Pamahalaang Bayan ang naturang lugar upang mabawasan ang pagguho ng lupa dito. Mahalaga aniyang makapagtanim ng kawayan at punong-kahoy sa lugar ayon na rin sa naging rekomendasyon ni Baco Mayor Allan Roldan.

Bahagi naman ang naging maikling programa kung saan pinangunahan ni PG-ENRO Natural Resources Management Division FWRM Section Chief Engr. Marc Joseph Solis bilang kinatawan ni ENRO Mike Jumig. Nakiisa rin si Baco MENRO-Designate Engr. Minnie Romana A. Hussain bilang kinatawan ng Pamahalaang Bayan. Samantalang si For. Ricsal Rico naman ay nagbigay ng ilang panuntunan hinggil sa pagtatanim upang magkaroon ng kaangkupan at maging wasto ang naturang pagtatanim.

Magkakatuwang naman itong itinaguyod ng Baco Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) Baco -PNP, Phil. Army Reservists, mga kinatawan ng Pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng PG-ENRO at Brgy. Officials ng Brgy. Bangkatan (Provincial Information Office).






**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**

# Barangay Caravan ng Calapan, umarangkada na!



SERBISYONG TAMA para sa Nag-iba I, II, at Navotas ang isinagawa ng pamahalaang panglunsod ng Calapan nito nakaraang Sept. 29, 2022, nang ilunsad nito sa mga nasabing barangay ang kanila Barangay Caravan.

"Tuloy-tuloy ang Serbisyong TAMA, tutulungan namin kayong lahat," ito ang pahayag ni Mayor Malou Flores-Morillo sa mga residente ng nasabing mga barangay.

Ang Serbisyong TAMA Barangay Caravan ay naghatid ang iba't ibang serbisyo para sa mga mamamayan ng Nag-iba I, Nag-iba II, at Navotas sa pamamagitan ng pagtungo doon ng iba't ibang mga departamento pamahalaang panglunsod.

Kabilang dito ang City Agricultural Services Department, Persons with Disability Office, Office of the Senior Citizens' Affairs, City Health and Sanitation Department, City Socialized Medical Health Care Office, City Social Welfare and Development Department, City Civil Registry Department, City Assessors Office, City Legal Department, City Veterinary Services, Business Permit and Licensing Office, City Treasury Department, at Fisheries Management Office.

Personal ding dumalo upang magbigay ng libreng legal advice, consultation, at public notary si Konsehala Atty. Ricka Goco.

Bilang suporta sa Programang TAMA, naroon din para magpaabot ng serbisyo ang TESDA, SSS, PSA, at Philippine Coast Guard.

Matiyagang kinamusta at pinakinggan naman ng Punong Alkalde ang mga Calapeñong nakadaupang-palad niya sa baranggay.

Bakas naman ang saya ng taumbayan dahil sa mas maalwan at libreng pagproseso ng kanilang mga personal na pangangailangan (City Information Office).








THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 47 Oct. 03, 2022 - Oct. 09, 2022

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *Tourism Awards isinagawa ng pamahalaang panlalawigan*

SA IKALAWANG TAON ng pagkilala sa mga natatanging lokal na manggagawa sa turismo, kasaysayan, sining at kultura, matagumpay na naisagawa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Governor Humerlito Bonz Dolor ang Gabi ng Pagkilala 2022 sa pamamagitan ng Tanggapan ng Panlalawigang Turismo sa Czeascape Beach Resort, lungsod ng Calapan.

Inilaan ang unang bahagi ng pagkilala sa Gawad Pamana sa Sining at Kultura na kumikilala sa kontribusyon ng mga local artists sa pagpapayabong at pagtataguyod ng kultura at pamana ng Oriental Mindoro.

Sa pamamagitan ng masusing pagtatasa at ebalwasyon ng mga piling hurado at eskperto sa naturang larangan, pinarangalan at kinilala sa iba't ibang kategorya ang mga sumusunod:

Gawad Pamana sa Sining at Kultura
- G. Danilo D. Manipon (Sculptor/Painter)
- G. Gilbert Llave (Visual Artist)
- G. Roderick Jose Calivara (Performing Arts/Cultural Education)

Samantala, wagi naman sa Local Tourism Stakeholders Excellence Award (LTSEA) ang mga sumusunod na mga indibidwal at samahan na katuwang ng Pamahalaang Panlalawigan sa pagpapaunlad ng turismo na malaki ang kontribusyon sa patuloy na pagbangon ng ekonomiya ng lalawigan mula sa pandemya.

Community-Based Sustainable Tourism Organization (CBSTO) Excellence in Sustainable Tourism Award
- Malubay Eco Tourism Association (Gloria)
  (Jasmine Quirubin)

Destination Stewardship Award
- Dao Waterlily Association (Naujan)
  (Rochelle D. Martinez)

Community Benefit Award
- Kabisig ng Mangingisda ng Ilag (San Teodoro)
  (Roberto Florida)

Most Outstanding Community Based Tourism Worker Award
- Jasmine Quirubin (META – Gloria)

Farm Tourism Site Operator (FTSO) Excellence in Sustainable Tourism Award
- Gabutero Organic Farm Training Center, Inc. (Bongabong)
  (Nelson Gabutero, Sr.)

Biodiversity Conservation Award
- Agritektura Enterprises (Roxas)
  (Francis Neil Quijano)

Most Outstanding Farm Tourism Worker Award
- Nelson Gabutero, Sr.

Samantala, napili naman bilang Natatanging Pambayang Tanggapan ng Turismo ang San Teodoro Municipal Tourism Office na pinamumunuan ni G. Joel Plaza.

Maliban kay Gobernador Bonz, nakiisa rin sa pagdiriwang at nagbigay ng mensahe ng pagbati sina Bise Gobernador Ejay Falcon, Provincial Administrator Hubbert MD Dolor, NCCA Head of Accreditation G. Christopher Lucindo bilang kinatawa ni NCCA Executive Director Oscar Casaysay at Bb. Sienna May Uy, kinatawan ni DOT Mimaropa Director Atty Bevienne Malateo.

Ang naturang pagkilala ay nagsilbi ring pakikiisa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pagdiriwang ng Buwan ng Turismo ngayong Setyembre (Provincial Information Office).







